Mensahe Labindalawa

## Ang Diyos na Nagkukubli ng Kanyang Sarili—ang Nakakubling Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Isa. 45:15;
Efe. 3:16-17; Fil. 2:13; Luc. 18:1-8

**I. "Katotohanang Ikaw ay Diyos na nagkukubli ng Iyong sarili, / O Diyos ng Israel, ang Tagapagligtas"—Isa. 45:15:**

A. Halos wala sa mga anak ng Diyos ang nakakaalam na sinasabi ng Bibliya tungkol sa Diyos bilang isang Diyos na nagkukubli ng Kanyang sarili—b. 15:

1. Ito ay nagpapatunay na ang mga anak ng Diyos ay walang sapat na pagkakilala sa Diyos bilang Isa na nagkukubli ng Kanyang sarili.
2. Maaaring kilala natin ang Diyos bilang ang makapangyarihang Diyos, ang matuwid na Diyos, at ang Diyos na punó ng biyaya at kahabagan; gayunpaman, maaaring hindi natin nakikilala ang Diyos bilang ang Diyos na nagkukubli ng Kanyang sarili—Luc. 1:49; 1 Ped. 5:6; Apoc. 15:3; Efe. 2:7; Aw. 17:7.

B. Bagamat ang Diyos ay nasa lahat ng dako, makapangyarihan sa lahat, at punó ng kapatawaran, Siya rin ay ang nagkukubling Diyos, gaya ng ipinapahiwatig ng aklat ng Esther—4:14.

C. Nilikha ng Diyos ang sansinukob at pagkatapos ay nagkubli sa loob nito, hanggang sa hindi natin alam kung saan Siya hahanapin—Job 23:3.

D. Gumawa ang Diyos na di-mabilang na bagay sa gitna ng mga anak ni Israel at di-mabilang na bagay sa kanilang personal na buhay, subalit ikinubli Niya ang Kanyang sarili; Siya ay walang tigil na gumagawa, subalit Siya ay laging nakakubli—Isa. 45:15.

E. Kailangan nating matanto na ang Diyos na makapangyarihan sa lahat na ating pinaglilingkuran ay ikinukubli pa rin ang Kanyang sarili, lalo na kapag tinutulungan Niya tayo—Juan 14:26; Roma 8:28:

1. Hindi natin Siya nakikita, at sa wari, Siya ay walang ginagawa.
2. Sa katunayan, sa isang kubling paraan Siya ay gumagawa ng maraming bagay para sa atin, habang pinalalakas Niya tayo ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao upang si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa ating mga puso—bb. 28, 34; Esth. 4:14; Fil. 2:13; Efe. 3:16-17a.

F. Ang Diyos na nagkukubli ng Kanyang sarili ay gumagawa sa loob natin nang tahimik subalit makapangyarihan—Fil. 2:13:

1. Ang ating responsabilidad ay ang makipagtulungan sa Kanya sa pamamagitan ng pagtugon sa panloob na pandama sa ating kaibuturan—Roma 8:6.
2. Sa tuwing nadarama natin ang Diyos ay nabubuhay at kumikilos sa loob natin, dapat nating sabihing Amen, sapagkat doon, sa kailaliman na ating katauhan, pasikreto at walang tigil ang Diyos na nagkukubli ng Kanyang sarili ay gumagawa.

G. Kung pag-aaralan natin nang maingat ang mga Kasulatan, makikita natin na ang Diyos ay may uugaling ayaw ng pagpapasikat; gusto Niyang gumawa nang pasikreto sa halip na hayagan—Mat. 6:1-8.

H. Ang ating disposisyon ay salungat sa disposisyon ng Diyos, isang disposisyon na ikinukubli ang sarili nito—Isa. 45:15:

1. Gusto ng Diyos ang magkubli; gusto nating magpasikat—Mat. 6:1.

2. Ang Diyos ay hindi naghahangad ng mga panlabas na pagpapakita; hindi tayo kontento kung wala ang mga ito—b. 2.
3. Ang dibinong disposisyon ay bumubuo ng malaking pagsubok at pagsusulit sa atin.

**II. Ang aklat ng Esther ay nagbibigay ng malinaw na talá kung paanong ang nagkukubling Diyos ng Israel ay pasikretong pinangangalagaan ang Kanyang hinirang sa kanilang pangangalat at hayagang iniligtas ang Kanyang inuusig na hinirang sa kanilang pagkabihag—1:1-22; 2:1-23:**

A. Ang mahalagang punto sa aklat na ito ay yaong ang mismong Diyos na pumili sa Israel, ang mga inapo ni Abraham, bilang Kanyang hinirang, matapos Niyang ibigay sila sa pagkabihag sa mga bansang Hentil, ay naging nakakubling Diyos sa kanila upang pangalagaan sila nang pasikreto at iligtas sila nang hayagan habang kumikilos nang pasikreto—Isa. 45:15:

1. Ito ang dahilan na ang aklat ng Esther ay hindi nagbanggit sa pangalan ng Diyos maging sa mga lugar kung saan ang pangalan ng Diyos ay dapat banggitin—4:3, 16.
2. Sa isang panig, ginamit ng Diyos mga bansang Hentil bilang mga kasangkapan upang disiplinahin ang Kanyang bayan; sa kabilang panig, kasama ng nagkukubling Diyos ang bayan ng Israel, nangangalaga para sa kanila.

B. Ang nagkukubling Diyos ay gumawa ng maraming bagay para sa Israel sa pasikretong paraan:

1. Nagtatag ang nagkukubling Diyos ng tampok na hari sa mundo ng mga Hentil na nasa kapangyarihan sa ibabaw ng dakilang emperyo na lumaganap mula sa India hanggang Etiopia—1:1-2.
2. Sinanhi ng nagkukubling Diyos ang tampok na hari na patalsikin ang kanyang reyna dahil sa kanyang pagsuway sa kanyang salita—bb. 3-22.
3. Sa Kanyang pasikretong pangangalaga ibinangon ng nagkukubling Diyos si Esther, isang ulilang Hudyong birhen, upang makoronahan ng tampok na hari bilang kanyang reyna—2:1-18.

C. Sa mga taon ng pagkabihag, ang Diyos ay nagkukubli, at Siya ay nagkukubli pa rin; maging ngayon sa kapanahunan ng ekklesia, kinukubli ng Diyos ang Kanyang sarili—Isa. 45:15.

**III. Ang kahulugan ng talinghaga sa Lucas 18:1-8 ay malalim, at kailangan nating makilala ang Diyos kung paano Siya naihayag, bilang ang nagkukubling Diyos:**

A. Ang balo sa bersikulo 3 ay sumasagisag sa mga mananampalataya; sa isang pakahulugan, ang mga mananampalataya kay Kristo ay isang balo sa kasalukuyang kapanahunan sapagkat ang kanilang Asawang Lalaki, si Kristo, sa wari ay hindi nila kasama—2 Cor. 11:2.

B. Gaya ng balo sa talinghaga (Lucas 18:3), tayong mga mananampalataya kay Kristo ay mayroong katunggali, si Satanas ang diyablo, hinggil sa kanya ay kailangan natin ang paghihiganti ng Diyos:

1. Ang talinghagang ito ay nagpapahiwatig sa pagdurusa mula sa ating katunggali sa panahong wari ay wala ang Panginoon.
2. Sa panahon na wari Siya'y wala, tayo ay isang balo na sa buong panahon ay binabagabag siya ng katunggali.

C. Habang inuusig tayo ng ating katunggali, tila ang ating Diyos ay hindi matuwid, sapagkat hinahayaan Niya ang Kanyang mga anak na usigin nang di-matuwid—1 Ped. 2:20; 3:14, 17; 4:13-16, 19:
   1. Sa tinagal ng mga siglo, libu-libong marangal at tapat na tagasunod ng Panginoong Hesus ang nagdusa ng di-matuwid na pag-uusig; maging ngayon marami ang dumaraan sa mga di-matuwid na pagtrato—Apoc. 2:8-10.
   2. Ang ating Diyos ay tila hindi matuwid, yamang hindi Siya pumapasok upang maghatol at magtanggol; dahil sa ganitong situwasyon, ang Panginoong Hesus ay gumamit ng di-matuwid na hukom upang isagisag ang Diyos, na tila walang ginagawa alang-alang sa Kanyang inuusig na bayan—Lucas 18:2-6.

D. Ang balo sa talinghaga ay patuloy na lumapit sa di-matuwid na hukom at hiniling sa kanya na ipaghiganti siya sa kanyang katunggali; dapat tayong matiyagang manalangin para sa paghihiganting ito at huwag mawalan ng loob—bb. 1, 3:
   1. Kapag ang ating Asawang Lalaki ay tila wala at tayo ay iniwan sa lupa bilang isang balo, pansamantala ang ating Diyos ay tila isang di-matuwid na Diyos—b. 6.
   2. Bagamat Siya ay tila di-matuwid, dapat pa rin tayong umapila sa Kanya, matiyagang manalangin, at abalahin Siya nang muli't-muli, sapagkat isasagawa Niya nang madali ang paghihiganti para sa Kanyang mga pinili, na "dumaraing sa Kanya araw at gabi"—bb. 7-8a.

E. Ipinapahiwatig ng Apocalipsis 8:5 ang tugon sa 6:9-11 at Lucas 18:7-8:
   1. Ang mga panalangin ng mga banal sa Apocalipsis 8:3-4 ay para sa paghahatol ng lupa, na sumasalungat sa ekonomiya ng Diyos.
   2. Ang paghahatol ng Diyos sa lupa—ang paghagis ng apoy sa lupa—ay ang tugon sa mga palangin ng mga banal kalakip si Kristo bilang ang insenso—bb. 3-5.

F. "Kapag dumating ang Anak ng Tao ay dumating, makakikita ba Siya ng pananampalataya sa lupa?"—Lucas 18:8b:
   1. Literal, ang Griyegong salitang isinaling "pananampalataya" ay nangangahulugang "ang pananampalataya"; ito ay nagpapahiwatig sa matiyagang pananampalataya para sa ating matiyagang panalangin, gaya ng balo.
   2. Ang pananampalatayang naligtas sa atin ay ang panimulang yugto ng pananampalataya; ang pananampalatayang nagdala sa atin tungo sa isang buhay ng pakikipag-isa kay Kristo ay ang nagdurugtong na pananampalataya—ang pananampalataya na dumarating sa atin sa pamamagitan ng ating patuloy na pakikipag-ugnay sa Tres-unong Diyos upang tayo ay mabuhay sa pamamagitan ng Anak ng Diyos—Roma 1:17; Gal. 2:20; Juan 14:19.
   3. Ang nagdurugtong na pananampalataya ay ang dibinong pangangailangan upang salubungin ng mga mandaraig si Kristo sa Kanyang matagumpay na pagbabalik—Lucas 18:8b:
      a. Ang nagdurugtong na pananampalataya ay ang Tres-unong Diyos na kumikilos sa loob natin upang idugtong tayo sa Kanyang mga di-malirip na kayamanan—Efe. 3:8.
      b. Ang nagdurugtong na pananampalataya ay ang pananampalataya ng mga mananampalatayang walang tiwala sa kanilang mga sarili; sa halip, ang kanilang pagtitiwala ay nasa Diyos—2 Cor. 1:9.
      c. Sa pagbabalik ng Panginoong Hesus, masusumpungan Niya ang bilang ng mga mandaraig na namumuhay sa pamamagitan ng nagdurugtong na

pananampalataya at ituturing sila bilang mga kayamanan para sa Kanyang kaharian sa isang libong taon ng Kanyang paghahari—Luc. 18:8b; Apoc. 20:4, 6.

*© 2022 Living Stream Ministry*